Mga Teknolohiya para sa Pabagu-bagong Panahon

Mini Rice Combine Harvester

Ang PhilRice-*mini combine* ay makinaryang may kakayahang umani, mag-giik, maglinis at magsako ng palay. Ginagamit ang makinaryang ito sa matubig na palayan.Ito ay angkop sa maliit na bukirin at sa basang pag-aani. Umaabot lamang sa 1-2% ang pagkawala o pagkalugas ng butil gamit ang *mini rice combine harvester*.

Maligaya Flat-bed Dryer

Ang Maligaya *Flatbed Dryer* ay ginagamit upang magkapagpatuyo ng ani, katulad ng mais, kape, *legumes*, palay, at iba pang pananim o produkto na kailangang ipatuyo.

Ito ay gumagamit ng ipa, busal ng mais o pinagbalatan ng kape bilang panggatong na pampainit ng hangin sa loob ng *dryer* sa pamamagitan ng *blower*.

Kaya nitong kumpletuhin ang pagpapatuyo mula basa o basang-basa ng 13 hanggang 14% halumigmig o *moisture content*. Walo hanggang 10 oras ang pagpapatuyo. Kaya nitong magpatuyo ng anim na tonelada o 120 kabang palay.

Nagkakahalaga ito ng P550,000 depende sa materyales at *manufacturer*.

Saclob

Ang saclob ay isang paraan ng pag-iimbak kung saan pinoprotektahan nito ang mga binhi mula sa peste at amag na posibleng magdulot ng pagkasira ng mga ito. Ito ay isa sa mga *hermetic storage technology* o ang teknolohiya sa pag-iimbak na silyado at hindi napapasukan ng hangin.

Kaya nitong mag-imbak ng hanggang 1 tonelada, makontrol ang impestasyon ng mga peste, at proteksyunan ang mga binhi sa pagkabasa.

Ang saclob ay ginagamit lamang sa loob ng gusali. Ang lugar na paglalagyan ay dapat walang mga matutulis na bagay na maaaring makabutas dito. Mahalaga rin na tuyo ang mga binhi na ilalagay sa loob o may *moisture content* na 12% o mas mababa pa.

Carbonized Rice Hull

Ang mga patapong ipa ay maaaring gawing uling para sa ibang kapakinabangan. Sa pamamagitan ng pag-uuling, nagiging *carbonized rice hull* (CRH) ang ipa.

Ang paglagay ng CRH sa lupa ay kailangan ng lumalaking halaman kahit na kakaunti lamang ang taglay nitong sustansiya tulad ng *phosphorus* (P), *potassium* (K), *calcium* (Ca), *magnesium* (Mg), at iba pang mga maliliit na elemento. At dahil sa ito ay *sterilized* na, wala na itong mga mapaminsalang organismo. Naiiwasan na ang pagtatapon ng ipa, nakatitipid pa sa mataas na halaga ng mga abono at pestisidyo.

Ginagawa ang CRH sa isang lugar na malinis, tuyo, sementado, at malayo sa mga tahanan. Kapag *open-type* na *carbonizer* ang gagamitin, maaaring isagawa ang pag-uuling sa ilalim ng punongkahoy na namumunga upang magamit ang usok sa pagpapamulaklak at pagkontrol sa insekto. Matatagalan ang pag-uuling kung sa bukas o sa lugar na mahangin ito gagawin.

Sinuri ni: Dr. Ricardo F. Orge, Climate Change Center

Fair use of this material is encouraged. Proper citation is requested.

creative commons